**Paala-ala mula sa Lungsod ng Tochigi**
**【Mahalagang Paala-ala】Tungkol sa Alternatibong Pamamaraan sa Paggamit ng Itinalagang Plastic Bag ng Basurahan.**

Hinihingi ang paumanhin sa lahat ng residente ng lungsod sa anumang abala na maaaring idulot, ngunit dapat bumili lamang ng tama at huwag labis sa kinakailangan, at sa pansamantalang pagkakataon, mangyaring itapon ang basura sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan. Tandaan na ang panukalang ito ay pansamantala at ipapatupad lamang hanggang sa magkaroon ng sapat na supply. Hinihiling ang pag-unawa at pakikipagtulungan ng lahat para sa maayos na pagtatapon ng basura.

**≪Ano ang Dapat Gawin kung Walang Mabili na Itinalagang Plastic ng Basurahan≫**

Kung walang mabili na itinalagang bag ng basura, dapat ay gumamit ng mga transparent o semi-transparent na plastic bag upang makita ang mga nilalaman na itinapon na basura mula sa mga tahanan.

【Kulay ng Plastic Bag】**Mga transparent** o **semi-transparent na plastic bags lamang upang makita ang nilalaman (hindi pinapayagan ang mga may kulay na plastic bag)**.

※Ang mga bag na itinalaga para sa mga pet bottles, mga tray ng pagkain, at mga walang laman na lata/bote ay maaari ding gamitin para sa burnable garbage.

【Ang size ng Plastic Bag】Burnable Garbage, Pet Bottles at Tray ng mga Pagkain ay **Hanggang 45 liters** lamang na Plastic Bags

Para sa mga Bote at Lata na Walang Laman ay **30 Liters** na Plastic Bags **lang**

【Mga Dapat na Isulat】Pakisulat ng Malinaw ang mga sumusunod na impormasyong: ①②③ sa Plastic Bag.

**① Pangalan ng Tirahan** **②Pangalan**

**③ Uri ng Basura** (Burnable, Pet Bottles/Food Trays o Lata/Bote na Walang Laman)

【Panahon ng Paggamit】Mula ika-28(Martes) ng Abril 2026
hanggang may sapat nang supply ng Plastic Bags

| Sa mga plastic bags na transparent o semi-transparent na naaninag ang nilalaman ⇒ Kokolektahin | Sa mga plastic bags na hindi maaninag ang nilalaman ⇒ hindi kokolektahin |
|---|---|
|  |  |

(Sa mga Katanungan)

Tochigi City Environmental Affairs Department, Cleanliness Promotion Division,
In-Charge of Waste Reduction Section 0282-31-2447